# ANG Bayan

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-KAISIPANG MAO TSETUNG

Tanging Pabalita — Setyembre 23, 1971


## MATATAG NA NILILIPOL NG BAGONG HUKBONG BAYAN ANG MGA TROPA NG KAAWAY

Pitong sundalo ng reaksiyonaryong hukbo--tatlong sarhento at apat na private first class--ang napatay sa isang pananambang na isinagawa ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Baryo Usol, Jones, Isabela noong Setyembre 9.

Ang mga napatay na sundalo ng reaksiyonaryong hukbo na lulan ng isang trak ay bahagi ng isang malakihang operasyong "pagkubkob at paglipol" na inilulunsad noon ng reaksiyonaryong hukbo pagkaraan ng matagumpay na pagsalakay ng Bagong Hukbong Bayan sa advanced command post sa Echague, Isabela noong Agosto 26.

Sa naganap na pananambang, winasak ng mga Pulang mandirigma ang trak na kinalululanan ng mga sundalo. Nakasamsam pa sila ng dalawang sandatang Armalite M-16 mula sa kaaway.

Noon namang Setyembre 19, isang sagupaan ang naganap sa Baryo La Suerte, Angadanan, Isabela sa pagitan ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan at mga tropa ng Task Force Lawin ng reaksiyonaryong hukbong naglulunsad noon ng operasyong "pagkubkob at paglipol". Dito'y napatay ang isang sarhento ng reaksiyonaryong hukbo.

Ang matagumpay na pananambang noong Setyembre 9 ay bunga ng maayos na pagbabalak ng nanambang na yunit ng Bagong Hukbong Bayan. Sinamantala ng mga Pulang mandirigma ang mahusay na lagay ng lupa at tiniyak ang madaliang pagtatapos ng pananambang. Dahil dito, sa loob ng labinlimang minuto ay natapos ang pananambang at nakalayo na ang yunit ng Bagong Hukbong Bayan bago dumating ang puwersang panaklolo ng reaksiyonaryong hukbo.

Lalong pinagbubuti ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ang kanilang gawain sa mga operasyong militar. Bukod sa masusi at maingat na pagpaplano bago isagawa ang operasyong militar, sila ay nagdaraos din ng mga pulong ng paglalagom ng karanasan at pulong ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Sa gayo'y naiwawasto nila ang mga kakulangan at pagkakamali at natitiyak ang tagumpay sa mga labanan.

Sa harap ng mga tagumpay ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa sandatahang pakikibaka sa kaaway, hindi nila kinalilimutan ang pagiging mapagpakumbaba at mahigpit na pinag-iingatan ang pagiging mapagmataas at pabigla-bigla. Ito'y nagbubunga ng lalong pagbuti ng kanilang kakayahan sa pakikibaka at pagtibay ng mabuting pag-uugnayan ng mga pinuno at kawal gayundin ng hukbo at mga mamamayan.

ANG Bayan

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-KAISIPANG MAO TSETUNG

Tanging Pabalita

Setyembre 23, 1971

## MATATAG NA NILILIPOL NG BAGONG HUKBONG BAYAN ANG MGA TROPA NG KAAWAY

Pitong sundalo ng reaksiyonaryong hukbo--tatlong sarhento at apat na private first class--ang napatay sa isang pananambang na isinagawa ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Baryo Uaol, Jones, Isabela noong Setyembre 9.

Ang mga napatay na sundalo ng reaksiyonaryong hukbo na lulan ng isang trak ay bahagi ng isang malakihang operasyong "pagkubkob at paglipol" na inilulunsad noon ng reaksiyonaryong hukbo pagkaraan ng matagumpay na pagsalakay ng Bagong Hukbong Bayan sa advanced command post sa Echague, Isabela noong Agosto 26.

Sa naganap na pananambang, winasak ng mga Pulang mandirigma ang trak na kinalululanan ng mga sundalo. Nakasamsam pa sila ng dalawang sandatang Armalite M-16 mula sa kaaway.


Noon namang Setyembre 19, isang sagupaan ang naganap sa Baryo La Suerte, Angadanan, Isabela sa pagitan ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan at mga tropa ng Task Force Lawin ng reaksiyonaryong hukbong naglulunsad noon ng operasyong "pagkubkob at paglipol". Dito'y napatay ang isang sarhento ng reaksiyonaryong hukbo.

Ang matagumpay na pananambang noong Setyembre 9 ay bunga ng maayos na pagbabalak ng nanambang na yunit ng Bagong Hukbong Bayan. Sinamantala ng mga Pulang mandirigma ang mabuway na lagay ng lupa at tiniyak ang mabilisang pagtatapos ng pananambang. Dahil dito, sa loob ng labinlimang minuto ay natapos ang pananambang at nakalayo na ang yunit ng Bagong Hukbong Bayan bago dumating ang puwersang panaklolo ng reaksiyonaryong hukbo.

Lalong pinagbubuti ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ang kanilang gawain sa mga operasyong militar. Bukod sa masusi at maingat na pagpaplano bago isagawa ang operasyong militar, sila ay nagdaraos din ng mga pulong ng paglalagom ng karanasan at pulong ng pamumuna at pagpuna-sa-sarili. Sa gayo'y naiwawasto nila ang mga kakulangan at pagkakamali at natitiyak ang tagumpay sa mga labanan.

Sa harap ng mga tagumpay ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa sandatahang pakikibaka sa kaaway, hindi nila kinalilimutan ang pagiging mapagpakumbaba at mahigpit na pinag-iingatan ang pagiging mapagmatyag at pabigla-bigla. Ito'y nagbubunga ng lalong pagbuti ng kanilang kakayahan sa pakikibaka at pagtibay ng mabuting pag-uugnayan ng mga pinuno at kawal gayundin ng hukbo at mga mamamayan.





Ang mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ay gumagawa ng buhay na pag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung.

Ang mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ay sanay sa pagsalakay sa kaaway.